THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY MASIPIT AT TAWIRAN

VOLUME 2 No. 29 May 29, 2023 - Jun. 04, 2023

# PAMAMAHAGI NG MGA MEDICAL SUPPLIES PARA SA MGA BARANGAY HEALTH WORKERS, ISINAGAWA!





KASABAY NG PAGDARAOS ng pagpupulong ng Barangay Health Workers (BHW) Oriental Mindoro Federation sa Papandayan Elementary School sa Pinamalayan ay namahagi rin sina Governor Bonz Dolor ng medical supplies sa mga ito katuwang ang Sangguniang Panlalawigan sa pangunguna ni Vice Governor Ejay Falcon noong Mayo 30, 2023.

Ilan lamang sa mga ipinamahagi ay ang vitamins, glucometer, surgical masks, overall Personal Protective Equipments (PPEs) at iba pang mga gamot.

Bukod pa rito, masayang ibinalita ni Gob. Bonz na nakahanda na ang insentibo para sa mga ito.

Kinilala naman ni Provincial Health Officer Dr. Cielo Angela Ante ang mga BHW sa buong lalawigan para sa mabibigat na gampanin ng mga ito sa pagtataguyod at pagpapanatili ng mabuting kalagayang pangkalusugan ng kanilang mga kabarangay lalo na sa mga senior citizens simula pa noong magkaroon ng kaso ng covid sa lalawigan.

Sa patuloy na pagtaas ng kaso ng Covid-19, nakiusap si Gob. Bonz sa mga BHW na hikayatin ang kanilang mga kabarangay na magpabakuna. Huwag aniyang matakot magpabakuna dahil ito ang magiging mabisang pananggalang sa mga kumakalat na virus. (PIO Calapan)

# BARANGAY CAMILMIL SENIOR CITIZENS CORONATION NIGHT



NAIS PATUNAYAN ng mga Senior Citizens ng Barangay Camilmil na hindi lamang para sa bata at kabataan ang mga napapanahong aktibidad tuwing Buwan ng Mayo.

Gaya na lamang ng 'Reynahan' na kung saan ay ipinakita dito ng mga Lola na pwedeng-pwede pa rin sila. Sa ibabaw ng entablado ay buong-rikit na inirampa ang kanilang walang kupas na kagandahan habang suot ang mala-reynang nilang kasuotan.

Sila ang mga bumida sa ginanap na Barangay Camilmil Coronation Night 2023, Mayo 27, sa Camilmil Gymnasium. Dito ay naimbitahan bilang panauhin si City Mayor Malou Flores-Morillo na isa na ring senior citizen. Kanyang sinabi na ang ganitong uri ng kasiyahan ay nakakapagpabata para sa mga senior citizens at tiyak na ikinatutuwa rin ng kanilang mga kapamilya. Dahil din aniya sa mga ganitong aktibidad ay nakikita ang magandang samahan ng mga Pangunahing Mamamayan sa barangay kung kaya naman kanyang iminumungkahi na ipagpatuloy ang pagiisip ng mga programa at proyektong magpapasigla sa mga Lolo at Lola.

Kabilang sa mga bituin na nagningning sa nasabing gabi ay sina 2nd Princess Lola Medy Bukod, 1st Princess Lola Rosita Silang, at pinakatampok na Queen ay si Lola Merly Nitural.

Sila ay pawang nakatanggap ng Bouquet of Flowers, sinabitan ng Sash at pinutungan ng Korona. Ang matagumpay na gawain ay pinangasiwaan ng Camilmil Senior Citizens Association sa pangunguna ni Barangay Senior President Ms. Siony Napoles sa pakikipagtuwang ng Sangguniang Barangay ng Camilmil na pinamunuan naman ni Barangay Captaion Redemsy Frayre.

Sa ballroom dancing ay tila walang pang bakas ng sakit na rayuma ang mga Lolo at Lola na sige lang ang hataw sa pagsasayaw ng swing, cha-cha, rumba, boogie at tanggo (Junard Acapulco/ CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: Dumating na sa lalawigan noong Hunyo 2, ang mga heavy equipment ng kumpanyang Firehorse Construction Services (FCS) na magiging katuwang ng Pamahalaang Panlalawigan sa pagsasakatuparan ng mga programa para sa pagsasaayos ng mga kailugan upang maiwasan ang pagbaha sa lalawigan.

Sinalubong at ininspeksyon ni Governor Humerlito *"Bonz"* A. Dolor, kasama sina Provincial Engineer Edylou Tejido, PDRRM Officer Vinscent Gahol, Executive Assistant Joey Dalupan at Chief of Staff Nette Dalupan, ang mga naturang heavy equipment sa Calapan City Port.

Ayon kay Governor Bonz, ito ay libreng ipinagamit sa Kapitolyo nang walang kapalit maliban sa kanilang kagustuhang makatulong na aniya'y bahagi ng Corporate Social Responsibility (CSR) ng naturang kumpanya. Ayon pa sa Gobernador, ang mga heavy equipment ay ididistino sa Ikalawang Distrito ng lalawigan samantalang ang mga kagamitan naman ng Kapitolyo ay sa Unang Distrito ang konsentrasyon ng mga gawain. Natukoy na rin, aniya, ng PG-ENRO at Provincial Engineering Office ang mga ilog na nangangailangan ng pagsasaayos at pagpapalalim na isasagaw ng FCS. Inaasahan namanna sa lalong madaling panahon ay makapagsisimula na sila habang hindi pa ganap ang tag-ulan.

*"Sa lahat po ng ating ginagawa, ang pangunahin nating adhikain ay bigyan ng kalutasan ang mga suliranin ng mamamayan, makaaasa po kayo na habang ako ang inyong Punong Lalawigan, gagawin ko ang lahat para sa kapakanan ng mga Mindoreño,"* pahayag pa ng Gobernador.


Matatandaan na nakipagtuwang ang Pamahalaang Panlalawigan sa FCS sa pamamagitan ng isang MOA na nilagdaan noong Mayo 31. (PIO Calapan)












For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY MASIPIT AT TAWIRAN

*"WALANG PATID NA PAGHAHATID NG SERBISYO"*, iyan ang pangakong patuloy na tinutupad sa ilalim ng administrasyong Morillo-Ignacio, para sa mga Calapeño, kaya naman sa pagpapatuloy ng programang Serbisyong TAMA para sa Barangay Caravan, sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, nagtungo ang mga kawani ng Pamahalaang Lungsod sa covered court ng San Lorenzo Ruiz Parish, Barangay Masipit, upang muling maghatid ng serbisyo noong ika-29 ng Mayo.

Sa pagpapatuloy ng inumpisahang programa, handog muli ng butihing Ina ng Lungsod at ng City Government of Calapan ang tamang serbisyo para naman sa Barangay Masipit at Tawiran, kung saan ay kasama niya rito sina Vice Mayor Rommel Rodolfo 'Bim' A. Ignacio, at City Administrator Atty. Reymund Al F. Ussam, gayundin ang mga Punong Barangay na sina Mr. Carlos G. Jocson ng Masipit at Mr. Alberto A. Yabut ng Tawiran.

Kasama sa Barangay Caravan ang mga kawani na mula sa ilan sa mga departamento ng City Government of Calapan, at ang ilan sa mga National Government Agencies.

Binigyang daan din sa gawaing ito ang pagbibigay ng relief packs na mula sa PAGCOR, para sa 30 na Solo Parent beneficiaries at 20 na PWDs beneficiaries ng Barangay Masipit at Tawiran, kung saan 100 na benepisyaryo ang kabuuang bilang ng nahandugan dito, na naisakatuparan sa pangunguna ng Ina ng Lungsod, kung saan naging katuwang dito ang City Social Welfare and Development Department na pinamumunuan ni CSWDD Officer Ms. Juvy L. Bahia, RSW.

Kasabay ng pagbibigay ng serbisyo ay nagkaroon din ng *"Sectoral Consultation"* na isinagawa sa pangunguna ng Punong Lungsod, kasama ang mga Hepe ng bawat departamento, kung saan ay binigyan ng pagkakataon ang Sangguniang Barangay ng Masipit at Tawiran na mapag-usapan ang kanilang mga hinaing, at mga suliraning kinahaharap na dapat bigyang pansin at masolusyunan (Cedric Errol A. De Guzman/ CIO).





# CAMILMIL FIESTA CELEBRATION

MAKI-SAYA! MAKI-FIESTA! VIVA SAGRADA CORAZON DE MARIA!

Hitik sa mga makabuluhan at punong-puno ng saya na aktibidad ang selebrasyon ng kapistahan ng Barangay Camilmil. Sa mismong araw ng kapistahan, Mayo 29, 2023 ay sinimulan ito sa pamamagitan ng isang 'Misa ng Pasasalamat' sa pangunguna ni Rev. Fr. Willy Abas. Matapos ang banal na misa ay sinundan ito ng pagpapasinaya sa newly renovated and improved gymnasium na kung saan ay sina City Mayor Malou Flores-Morillo at City Vice Mayor Bim Ignacio ang nanguna sa Ribbon Cutting Ceremony.

Bahagi pa rin ng pagbibigay kasiyahan sa mga residente ng Barangay Camimil ay nagkaroon ng 'Palaro ng Lahi' na pinangasiwaan ng City Youth and Sports Development Department.

Bilang pagbibigay pugay kay Sagrada Corazon de Maria na siyang pintakasi ng kanilang barangay ay isinagawa ang prusisyon na umikot sa pangunahing lansangan na nasasakupan ng Camilmil.

Nagtapos ang makasaysayang araw ng kapistahan sa bonggang Barangay Night na kinapalooban ng masayang salu-salo habang naaliw ang lahat sa live band performances at ballroom dancing.

Ang Barangay Camimil sa pamumuno ni Barangay Chairman Redemsy Frayre, ay isa sa mga barangay na nagbigay ng mataas na antas ng pagsuporta sa kandidatura ni City Mayor Malou Morillo sa nakaraang halalan (Junard Acapulco/CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 29 May 29, 2023 - Jun. 04, 2023

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *FARMERS' AND FISHERFOLK'S DAY 2023*

HUMIGIT KUMULANG 10.9 milyong pisong interbensyon ang naipagkaloob ng Pamahalaang Panlalawigan sa mga magsasaka at mangingisdang Mindoreño sa segunda distrito sa pangunguna ni Gobernador Humerlito *"Bonz"* Dolor sa pamamagitan ng Provincial Agriculture Office (PAgO) kaalinsabay ng pagdiriwang ng Farmer's and Fisherfolk Day na ginanap sa Mindoro State University, Bongabong Campus noong Mayo 30, 2023.

Ito ay bahagi ng patuloy na pag-agapay at pagbibigay ng buong suporta ng Pamahalaang Panlalawigan sa sektor ng agrikultura at pangisdaan na isa sa prayoridad ni Gob. Bonz.

Ilan sa mga ipinamahagi ay ang power sprayer, hand tractor, water pump and engines, abono, plastic crates at iba't ibang uri ng garden tools. Naipagkaloob din sa mga magsasaka ang mga fruit bearing trees tulad ng lado, mangosteen, cacao, lanzones, chico at langka.

Samantala, sa sektor ng pangisdaan, nasa 15 fisherfolk organizations, 5 Marine Protected Management Councils at 153 na mga indibidwal ang nakatanggap ng interbensyon. Ilan sa kanilang natanggap ay ang motorized banca, bottomset gillnet, waterpump, bouy markers at fish crates.

Malugod namang ibinalita ni Committee on Agriculture at board member ng segunda distrito, bokal Jomarc Philip Dimapilis na ipinasa na ng Sangguniang Panlalawigan ang ordinansang tinatawag na local farmers support program para sa direktang pagbili ng Kapitolyo ng palay mula sa mga Mindoreñong magsasaka sa mas mataas na presyo. Sa parehong araw ay pinirmahan ni Gob. Bonz ang naturang ordinansa na aniya, ay magiging malaking katulungan lalong higit sa mga mamamayan sa panahon ng kalamidad.

Labis-labis ang tuwa at pasasalamat ng mga magsasaka at mangingisda sa ikalawang distrito. Anila, malaking katulungan ito sa pagpapabuti ng sistema ng pagsasaka at pagpoprodus ng mga agrikultural na produkto.

Saksi sa ginawang pamamahagi ng interbensyon sina Vice Governor Ejay Falcon, Mindoro State University President, Levy Arago, Jr. kasama sina second district board member Atty. Roland Ruga, Juday Servando, Pau Umali at Lito Camo gayundin si SK Federation president, Thalia Aguilon at Bongabong Mayor, Eljin Malaluan. (PIO Calapan)





